

Self-Rescue immediately

STEP 1

Abiso Hinggil sa Kapahamakan ng Nakakalason na Kimikal



119

Ang pinakamadali at direktang paraan ay kunin ang telepono at ipaalam sa 119 Sentro ng Serbisyong Bumbero at ipaasikaso sa taga-employo.



May naganap na aksidente sa planta ng kimikal o ang trak na naghahatid ng kimikal, at may usok at apoy sa mga lugar na malapit sa lugar ng aksidente.



Walang sunog sa lugar ng aksidente, ngunit may mga kakatwang bakal na dram o lalagyan, may nakakayamot na amoy sa hangin, at may kahina-hinalang pulbos o likido sa sahig.



STEP 2

Simpleng Artikulo Hinggil sa Pagtugon sa Nakakalason na Kimikal

Takbo



Hubad



Babad



Takpan



Sugod



Ito ay ang paggamit ng panyo o basang tela upang takpan ang bibig at ilong, at umalis nang paakyat at patungo sa direksyon ng hangin, magsuot ng kapote (kung mayroong kapote, mas mabuti kung may kasamang sapatos) o jacket, gumamit ng simpleng proteksiyon na materyales upang harangin ang mga nakakalason na kimikal at mabawasan ang pagpasok ng nakakalason ng kimikal sa katawan.

Ito ay ang paghubad ng panlabas na kasuotan o panaklob kapag nasa ligtas na lugar na, at ipasok sa plastik na supot ang panlabas na kasuotan at isara ng mabuti.

Kapag pinaghihinalaan na natamaan ng nakakalason na kimikal ang balat, maaaring magbabad ng 10 minuto sa binebentang pampaputi na kimikal (Clorox) na pinalabnaw ng 10 beses. Pagkatapos ay hugasan ng alkalina na sabon o tubig, o hugasan ang apektadong bahagi gamit ang pulbos ng aktibong karbon, pampaputi na kimikal, soda at ibang katulad na bagay.

Takpan ng malinis na damit.

Isugod agad para magpagamot o gamutin agad. Maaaring makipag-ugnay sa lokal na 119 at sundin ang mga tagubilin ng tagapagligtas. Kung nakatira sa apektadong lugar, makinig sa mga tagubilin ng pulisya o bumbero, kung kailangan bang lumisan o sumilong sa tinitirahan na lugar. Kung kailangan lumisan, kailangan isara ang mga pinto at bintana at patayin ang pinagmulan ng apoy. Kung kailangan sumilong sa tinitirahan na lugar, huwag mag-alinlangan, mabilis na pumasok sa silid, isara ang lahat ng mga pinto at bintana, tingnan kung isasara ang air conditioner o papalitan ang pagpapaikot ng hangin sa loob, kung hindi pa rin panatag ang loob, maaaring gamitin ang plastik tape upang takpan ang puwang sa pagitan ng mga pinto at bintana, at tingnan din kung nadumihan ba ng mga pagkain at inumin.

Pagpapaliwanag sa Mga Simbolo ng Sistema ng Pandaigdigang Pagkakatugma (GHS) ng Mga Kimikal

Apoy



- Madaling masunog na gas
- Madaling masunog na likido
- Madaling masunog na solido
- Materyal na lumiliyab kung nabasa

Tandang Padamd



- Materyal na lubos na nakakalason Antas 4
- Materyal na nakakaagnas/ nakaka-irita ng balat Antas 2
- Materyal na lubhang nakakapinsala/nakaka-irita sa mata Antas 2
- Materyal na nakakadulot ng alerhiya sa balat

Panganib sa Kalusugan



- Materyal na nakakadulot ng alerhiya sa sistemang respiratoryo
- Materyal na nagdudulot ng pagbabago sa mga germ cell
- Materyal na nagdudulot ng kanser
- Materyal na nakakapahamak kapag nasingshot

Nakakaagnas



- Nakakaagnas na metaliko
- Materyal na nakakaagnas/nakaka-irita sa balat Antas 1
- Materyal na lubhang nakakapinsala/nakaka-irita sa mata Antas 1

May Apoy sa Loob ng Bilog



- Gas na oxidizer
- Likido na oxidizer
- Solido na oxidizer

Pagsabog ng Bomba



- Sumasabog na bagay
- Uri A o B na sariling-reaktibong materyal
- Uri A o B na organic peroxide

Gas na Nasa Bakal na Bote



May presyon na gas

Kapaligiran



Nakakapahamak na materyal sa tubig sa kapaligiran

Bungo at 2 Naka-ekis na Buto



Materyal na lubos na nakakalason Antas 1-3



環境部化學物質管理署
Chemicals Administration
Ministry of Environment